

Moratoryo ng mga Pagpapalayas

Noong ika-24 ng Marso, ang Konseho ng Lungsod ay bumoto ng may buong pagkakaisa na pinapaboran ang pansamantalang suspensyon para sa mga kwalipikadong mga nangungupahan sa pambahayan at komersyal sa Lungsod ng Union.

Ang Ordinansang nagbabawal sa mga pagpapalayas para sa mga nangungupahan sa pambahayan at komersyal na makakapagpakita ng:

1. Walang kakayahang magbayad ng renta dahil sa, o sa lumilitaw na laki ng pagbaba ng kita sa bahay o sa negosyo o pagkawala ng pera dahil sa malaking mga gastusing medikal; at
2. Pagbaba ng kita, o pagkawala ng pera dahil sa malaking mga gastusing medikal kung saan ang dahilan ay ang pandemyang COVID-19, o ng kahit anong lokal, estado o pederal na gobyernong tugon sa COVID-19 at ito ay dokumentado na naisulat.

Mga Kwalipikadong Epekto sa mga nangungupahan sa pambahayan na may reslayon sa COVID-19 ay kinabibilangan ng:

- Sakit na COVID-19 illness pagaalaga sa bahay o sa miyembro ng pamilya na mayroong sakit na COVID-19
- Pagsasara ng mga trabaho, pagkatanggal sa trabaho o *lay-off*, pagkawala ng trabaho, pagbabawa sa bilang ng mga bayad na oras o iba pang mga epekto sa ekonomiya o may-ari ng negosyo/amo
- Hindi pagpasok sa trabaho dahil sa pagsasara ng paaralan ng menorde edad na bata, pagsunod sa mga kautusan ng awtoridad sa pagkalusugan ng gobyerno o iba pang mga dahilan na mag katulad na sanhi.

Mga Kwalipikadong Epekto sa mga nangungupahan sa komersyal na may relasyon sa COVID-19 ay kinabibilangan ng:

- Pagsara ng mga trabaho
- Pagbawas sa mga employado na pumapasok
- Pagbawas ng oras na bukas ang negosyo
- Pagabawas ng pangangailangan ng mamimili
- Pagsunod sa mga kautusan ng awtoridad sa pagkalusugan ng gobyerno
- Mga iba pang dahilan na may katulad na sanhi at nagresulta sa pagkalugi sa kita sa negosyo

Mga Kondisyon:

- Ang mga nangungupahan ay mayroong 10 na araw pagkatapos na dapat bayaran ang renta upang sabihan ang may-ari
- Ang nangungupahan na makakamit ang mga kinakailangan para sa ordinansa ay mayroong depensang nagpapatunay sa isang paglilitis ng *unlawful detainer*
- Ang moratoryo sa renta para sa nangungupahan na makakamit ang mga kinakailangan ng ordinansa ay may bisa hanggang Mayo 31, 2020, ang pagkawalang bisa ng lokal na emerhensya o ng proklamasyon ng Gobernador ng estado ng emerhensya, kung alin ang mas tatagal

- Ang mga nangungupahan ay magkakaroon ng siyamnapung (90) araw simula sa dulo ng moratoryo upang bayaran ang kahit anong kinakailangang bayaran na renta

[Basahin ang buong ordinansa dito.](#)

Noong ika-25 ng Maros, inihayag ni Gobernador Gavin Newsom na ang mga institusyong pinansyal ay magbibigay ng tulong pinansyal para sa mga milyon-milyong mga taga-California na naghihirap sa pera bilang resulta ng pagkalat ng COVID-19. Maaari kang magbasa ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga kondisyon at ang mga kasaling mga pinansyal na institusyon sa [website ng pamahalaan ng estado ukol sa COVID -19.](#)

90-Araw na Palugid para sa mga Pagbayad ng Utang

Ang mga Pinansyal na Institusyon ay magbibigay, tuloy-tuloy kasama ang mga nararapat na panuntunan, ng *mortgage payment forbearances* o pagbayad ng utang ng hanggang 90 na araw para sa mga humiram na apektado ng ekonomiya dahil sa COVID-19. Kasama dito, ang mga institusyon ay:

- Magbibigay ng maayos na proseso sa mga humiram upang humiling ng *forbearance* o palugid para sa mga dahilan na may kinalaman sa COVID-19, ng may nakasuportang dokumentasyon;
- Magkukumpirma ng pag-apruba at mga panuntunan ng programa ng *forbearance* o palugid; at
- Magbibigay sa mga humiram ng oportunidad na humiling ng karagdagang tulong, na maaaring maisasagawa, kung nakitang nagpatuloy ang paghihirap dahil sa COVID-19.

Walang mga Negatibong Epekto sa Utang na Magresulta Dahil sa Tulong

Ang mga pinansyal na institusyon ay hindi mag-uulat ng mga bagay na nagsasabi na ang humiram ay hindi nagbabayad sa tamang oras o *deregatory tradeline* (halimbawa: mga nahuhuli na bayad) sa mga ahensyang tagareport ng utang, tuloy-tuloy kasama ang mga nararapat na panuntunan, para sa mga humiram na sinasamantala ang tulong na may kinalaman sa COVID-19.

Moratoryo ukol sa Pagsisimula ng mga *Foreclosure Sale* o mga Pagpapalayas

Hindi bababa sa 60 na araw, ang mga pinansyal na institusyon ay hindi magsisimula ng pagbebenta ng propyedad na nakuha nila dahil sa ang humiram ay hindi na nakabayad ng naaayon sa panuntunan o mga pagpapalayas, tuloy-tuloy kasama ang mga nararapat na panuntunan.

Tulong sa mga Bayarin at mga Singil

Hindi bababa sa 90 na araw, ang mga pinansyal na institusyon ay aalisin o ibalik ang bayad ng mga sumusunod para sa mga kustomer na humingi ng tulong:

- Mga bayarin na may kinalaman sa hindi pagbayad ng utang o nakasangla sa tamang oras; at
- Iba pang mga bayarin, kasama ang mga maagang *CD withdrawal* (naayon sa nararapat na regulasyong pederal).

Pindutin [ito para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-aplay para sa tulong.](#) Ang mga pautang na ginagawa ng mga pinansyal na institusyon ay maaaring sineserbisyoan ng iba pang kompanya.